9

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 5.1

## Konsepto ng Patakarang Piskal




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_AP9_Module5.1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 5.1: Konsepto ng Patakarang Piskal**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rose Vick E. Talic, Cheril R. Villamil, Wilfredo C. Ello
**Editor:** Monina R. Antiquina, EMD, Nelson S. Lasagas
**Tagasuri:** Monina R. Antiquina, Ronillo S. Yarag and Edgardo S. cabalida, Ramel P. Cael
**Tagaguhit:** Wilvin H. Inding
**Tagalapat:** Leo Martinno O. Alejo, Florendo S. Galang
**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres, CESO III
Eugenio B. Penales, EdD
Sonia D. Gonzales
SDS Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI
Dr. Amelinda D. Montero
Dr. Ronillo S. Yarag
Dr. Edgardo S. Cabalida

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

# 9

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 5.1
## Konsepto ng Patakarang Piskal

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




# *Alamin*

Ang modyul na ito ay nilikha at isinulat na ikaw ang iniisip. Ito ay upang ikaw ay maging bihasa sa Patakarang Piskal. Ang buong saklaw ng modyul na ito ay nagbibigay pahintulot na gamitin sa maraming sitwasyon ng pagkatuto. Ang mga lengwahe na ginamit ay kumikilala sa iba't ibang wika sa lebel ng mga mag-aaral. Ang paksa ay inayos at sinunod ang pamantayan ng pagkakasunud-sunod ng aralin. Ngunit ang paraan ng pagkakasunud-sunod ng iyong pagbabasa ay maaaring magbago upang masundan ang batayang-aklat na iyong ginagamit.

Pagkatapos ng Modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

A. Nasusuri ang layunin at pamamaraan ng patakarang piskal



# *Subukin*

**Paunang Pagtataya**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Aling patakaran ang tumutukoy sa paggamit ng pamahalaan sa pagbubuwis at paggasta upang mabago ang galaw ng ekonomiya?

A. Patakarang Pananalapi
B. Patakarang Expansionary
C. Patakarang Piskal
D. Patakarang Contractionary

2. Ang mga sumusunod ay may malaking papel na ginagampanan upang mapanatili ang kaayusan ng ekonomiya **maliban** sa alin?

A. Mamamayan
B. Pamahalaan
C. Bahay-Kalakal
D. Sundalo

3. Bakit isinasagawa ng pamahalaan ang Patakarang Expansionary Fiscal?

A. Upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa
B. Upang liliit ang pangkalahatang kita na pipigil sa pagtaas ng presyo
C. Upang babagsak ang demand
D. Upang hihina ang produksiyon ng bahay-kalakal

4. Alin sa mga pahayag ang **<u>hindi</u>** posibleng epekto ng Patakarang Contractionary Fiscal?

A. Liliit ang pangkalahatang kita ng mga mamamayan
B. Mapipilitan ang mga manggagawa na magbawas ng kanilang mga gastusin
C. Makokontrol ang labis na pagtaas na presyo ng mga bilihin
D. Magkakaroon ng maraming trabaho ang mga mamamayan at malaking kita

5. Anong paraan ang ipinapatupad ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Piskal

6. Kapag ang kabuuang output ng ekonomiya ay mababa ng higit sa inaasahan at magdudulot ng pagbaba ng kabuuang demand dahil sa kawalan ng trabaho, anong paraan ang isasagawa ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

7. Ang mga sumusunod ay maaaring mangyari kapag ipinapatupad ang Contractionary Fiscal Policy maliban sa:

A. Liliit ang pangkalahatang kita ng mga mamamayan
B. Makokontrol ang labis na pagtaas na presyo ng mga bilihin
C. Magkakaroon ng maraming trabaho ang mga mamamayan at malaking kita.
D. Mapipilitan ang mga manggagawa na magbawas ng kanilang mga gastusin

8. Ang pamahalaan ay nangangailangan ng salapi upang maisakatuparan ang napakarami nitong gawain. Alin sa mga sumusunod ang paraan ng pamahalaan upang makakalikom ng salapi?

A. mamumuhunan
B. mangolekta ng buwis
C. magpapatayo ng mga proyekto
D. magbibigay ng maraming trabaho

9. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing pinagkukunan ng pondo ng pamahalaan para sa mga gastusin nito?

A. utang sa bangko
B. kita mula sa panlabas na sektor
C. buwis sa mga mamamayan at negosyo
D. pera mula sa pag-iimpok ng pamahalaan

10. Ano ang patakarang piskal na magdudulot ng pagbaba nang implasyon sa bansa?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

11. Ano ang patakarang piskal na makakahikayat sa mga tao na gumastos at bumili ng mga produkto?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Piskal

12. Paano napasisigla ng patakarang piskal ang ekonomiya ng bansa?

A. pagtataas ng sahod ng mga manggagawa
B. pagtaas ng produksiyon
C. pagpapababa ng buwis
D. Lahat ng nabanggit

13. Bakit mahalagang maipatupad ang patakarang piskal ng bansa?

A. dahil naghahatid ito ng katatagan at katiwasayan sa ekonomiya ng bansa
B. dahil nakatutulong ito sa pagpapasigla at pagpapatatag ng ekonomiya
C. dahil nababalanse ng pamahalaan ang kaniyang paggatos para makatulong sa pagpapasigla ng ekonomiya.
D. Lahat ng nabanggit

14. Alin sa sumusunod ang **hindi** layunin ng patakarang piskal?

A. Pagpapatatag ng ekonomiya ng bansa.
B. Paramihin ang umiikot na pera sa bansa.
C. Pangangasiwa sa badyet na gagamitin ng pamahalaan
D. Pagsasaayos ng mga suliraning may kaugnayan sa buwis

15. Nakapagpapasigla sa matamlay na ekonomiya ang mataas na paggastos ng pamahalaan. Ano ang maaaring dulot nito sa pangkalahatang demand sa pamilihan?

A. Tataas ang demand
B. Walang magbago sa demand
C. Bababa ang demand
D. Lahat ay posibleng mangyari

Aralin 1

# PATAKARANG PISKAL



## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, tinalakay natin ang implasyon. Malinaw nating sinuri ang malaking pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo sa mga nagdaang panahon. Ito ay isang katotohanan ng buhay na hindi magagawang matakasan ninuman. Bagamat isang malaking suliranin ang implasyon sa pambansang ekonomiya, ang kaalaman tungkol dito ay makatutulong para maiwasan ang paglala nito.

Kaugnay ng suliraning dulot ng implasyon, ating tatalakayin ang isang pamamaraan ng pamahalaan upang matutugunan ang negatibong epekto ng implasyon. Sa pamamagitan ng pangangasiwa sa mga gastusin ng pamahalaan, inaasahang matatamo ang katatagan ng ekonomiya. Sama-sama nating unawain ang maaaring impluwensiya ng pamahalaan sa pamamagitan ng patakarang piskal.

Kaya muli kitang iniimbitahan sa pagtalakay ng bagong aralin upang iyong maunawaan ang kahalagahan ng paglikom ng pondo ng pamahalaan at upang matustusan ang mga programa at proyektong pangkaunlaran nito.

***Mga Tala para sa Guro***

Dito ang guro ay magbibigay ng pagpapaunawa sa gagawing pag-aaral sa modyul na ito. Lagi niyang paaalalahanan ang mag-aaral sa mga dapat gawin at sinisiguro na naiintindihan ng mag-aaral ang mga aralin at Gawain sa modyul na ito. Dito ay iwawasto ng guro ang mga tapos nang Gawain ng mag-aaral. Laging tatanungin ang mag-aaral sa kanyang ginagawa at gagabayan niya ito sa mga hindi niya naiintindihan.




# *Tuklasin*

**Gawain 1: Pataas-Pababa!**

Ipagpalagay na ikaw at ang iyong kaibigan ay naglalaro ng tuya-tuya o **seesaw.** Punan ang kahon ng iyong gagawin ayon sa hinihinging sitwasyon. Gawin ito sa sagutang papel.

A – Kung ikaw ang nasa itaas, ano ang iyong gagawin upang ikaw naman ang nasa ibaba?

B – Kung ikaw naman ang nasa ibaba, ano ang iyong gagawin upang ikaw naman ang nasa itaas?




**Pamprosesong Tanong**:


1. Ano ang tunay na layunin sa paglalaro ng tuya-tuya o seesaw, pataasin, pababain o marating ang balance?
2. Bakit kailangang itaas o ibaba ang iyong pwesto sa paglalaro ng tuya-tuya?

Ang Pamahalaan ay parang ikaw na naglalaro ng *seesaw.* Kailangan mong iakyat o pababain ang iyong pwesto upang matamo ang tunay na layunin sa paglalaro nito. Sa modyul na ito ay iyong matutunghayan kung paano kontrolin ng pamahalaan ang ekonomiya upang mapanatiling matatag ito at patuloy na makapagbibigay ng pampublikong paglilingkod.

**Gawain 2: Anticipation-Reaction Guide (ARG)**

Lagyan ng tsek (/) ang ANTICIPATION kolum kung naniniwala kang TAMA ang pahayag at ekis (X) naman kung HINDI TAMA. Gawin ito sa sagutang papel.

| ANTICIPATION | PAHAYAG |
|---|---|
| | 1. Sa buwis nagmumula ang mga pangtustos sa mga proyekto ng pamahalaan. |
| | 2. Patakarang Piskal ay tungkol sa polisiya ng pagbabadyet at pagbubuwis. |
| | 3. May dalawang uri ang Patakarang Piskal. |
| | 4. Layunin ng Patakarang Contractionary Fiscal Policy na pasiglahin ang matamlay na ekonomiya ng bansa. |
| | 5. Layunin ng Patakarang Expansionary Fiscal na bawasan ang paglagong pambansang ekonomiya. |
| | 6. Magiging masigla ang pambansang ekonomiya, kung taasan ang paggasta ng pamahalaan at bawasan ang halagang ibinabayad na buwis. |
| | 7. Overheated Economy ang tawag sa ekonomiyang umabot sa pinakamataas na empleyo. |
| | 8. Papel ng pamahalaan na magtakda ng mga patakaran na maghahatid sa isang kondisyon na maunlad at matiwasay na ekonomiya. |
| | 9. Ang mataas na paggastos ng pamahalaan ay nakapagpapatamlay sa ekonomiya. |
| | 10. Ang pamahalaan ay isang mahalagang kabahagi sa pagsasaayos at pagpapanatili ng katatagan ng ekonomiya |



## *Suriin*

### KONSEPTO NG PATAKARANG PISKAL

Ang salitang piskal o *fiscal* ay nagmula sa salitang Latin na *fisc*, na ang ibig sabihin ay basket o bag. Sa paglipas ng panahon, ang salitang ito ay iniuugnay sa bag ng salapi o patikular sa salaping hawak ng pamahalaan. Ang pamahalaan ay nangungulekta ng salapi sa pamamagitan ng buwis.

Ang patakarang piskal ay tumutukoy sa gawain ng pamahalaan patungkol sa paggasta at pagbubuwis. Isinasaad sa aklat nina Balitao et. Al (2014) na ang patakarang piskal ay tumutukoy sa paggamit ng pamahalaan sa pagbubuwis at paggasta upang mabago ang galaw ng ekonomiya

Ayon kay John Maynard Keynes (1935), malaki ang papel na ginagampanan ng pamahalaan upang mapanatili ang kaayusan ng ekonomiya mula sa pangongolekta ng buwis sa mga mamamayan, negosyante, at kompanya hanggang sa paggasta ng mga salaping nalikom nito. Ang paggasta ng pamahalaan ay may malaking kontribusyon upang masiguro ang pagsasaayos ng isang ekonomiya.

### Dalawang uri ng Patakarang Piskal

May dalawang paraan ang ginagamit ng pamahalaan sa ilalim ng patakarang piskal upang mapangasiwaan ang paggamit ng pondo nito at upang maiwasan ang labis na implasyon at *recession* bilang pangangalaga sa ekonomiya ng bansa.

### A. Expansionary Fiscal Policy

Ang *expansionary fiscal policy* ay ginagamit ng pamahalaan upang isulong ang ekonomiya lalo na sa panahon ng r*ecession.* Ayon sa International Monetary Fund (2009) ang *recession* ay isang ekonomikong pangyayari kung saan ang dalawang (2) magkasunod na kwarter ng *real* GDP ng bansa ay bagsak o mababa. Sa panahong ito, karaniwan na mababa ang pangkalahatang demand ng sambahayan at walang insentibo sa mga mamumuhunan na gumawa o magdagdag pa ng produksiyon. Ang ganitong sitwasyon ay magdudulot ng malawakang kawalan ng trabaho at mababang koleksyon ng buwis para sa pamahalaan.

Isa pa sa mga hamong dapat pagtuunan ng pansin ay ang *Implasyon.* Ito ang pagtaas ng pangkalahatang presyo sa loob ng partikular na panahon (IMF, 2009). Sa panahong nararanasan ito maaaring mapansin ang pagdami ng mga gawaing pang-ekonomiko gayun din ang pagtaas ng mga bilihin na mas nakaaapekto sa mga mahihirap.

Upang matugunan ang ganitong sitwasyon, ang pamahalaan ay karaniwang nagpapatupad ng patakaran upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya. Dito

ipinapatupad ang patakarang expansionary fiscal kung saan nagdagdag ng gastos ang pamahalaan. Bumibili ito ng mas maraming kalakal at paglilingkod na magdudulot ng pangyayaring magpapataas sa produksyon at lilikha ng mas maraming trabaho. Ang ganitong pangyayari ay magdudulot ng pagtaas sa kabuuang demand na magiging dahilan upang tumaas ang presyo ng mga bilihin sa pamilihan na maaaring magresulta ng pagtaas ng presyo ng mga produkto o ng implasyon. Batay sa batas ng suplay, ang mataas na presyo sa pamilihan o implasyon ay humihikayat sa mga prodyuser ng kalakal at paglilingkod na gumawa ng marami. Para magawa ito, kailangang kumuha ng karagdagang mga manggagawa. Dahil dito, ang mangagagawa ay magkaroon ng maraming opportunidad na makapagtrabaho at mangangahulugan ng mas malaking kita. Sa bahagi ng mga bahay-kalakal, lumalaki rin ang kanilang kita. Sa pagdagdag ng kita, nagkaroon ng panggastos ang mamamayan at bahay-kalakal na makapagpapasigla sa ekonomiya.

Gayundin naman kung babawasan ng pamahalaan ang singil sa buwis, ang mga tao ay magkakaroon ng karagdagang salapi upang gastahin. Mas malaking bahagi ng kita ang mga bahay-kalakal na magagamit upang gastusin sa lupa, paggawa, at capital. Ang ganitong gawain ay magpapataas sa kabuuang produksyon, demand, at presyo ng mga produkto.

## B. Contractionary Fiscal Policy

Ang paraang ito ay ipinapatupad upang matugunan ang problema sa implasyon o pagtaas ng pangkalahatang presyo sa pamilihan. Kapag lubhang mabilis ang pag-lago ng ekonomiya, mataas ang antas ng paggasta ng mga mamamayan dahil sa mataas ding antas ng kanilang kita na maaring mabilis na magpataas sa pangkalahatang presyo ng mga bilihin. Idadag pa dito ang mataas posibilidad na hindi na masabayan ng mga prodyuser ang mataas na kabuuang demand na dulot ng mabilis na paglago ng ekonomiya. Kung kaya't kailangang pabagalin ang paglago ng ekonomiya sa pamamagitan ng *Contractionary Fiscal Policy.*

Sa paraang ito, ang pamahalaan ay maaaring magbawas ng mga gastusin o di kaya ay taasan ang buwis na siningil upang mahila pababa ang kabuuang demand o *Aggregate Demand.* Inaasahan na sa pagbaba ng kabuuang demand, hihina ang produksiyon dahil mawawalan ng insentibo ang bahay kalakal na gumawa ng maraming produkto. Sa patakarang ito, mapapabagal ang paglago ng ekonomiya.

Kapag ang pamahalaan ay nagbawas ng gastos o bumili ng kaunting kalakal o paglilingkod, magdudulot ito ng pagbaba ng kabuuang demand. Ang mababang demand ay magbubunga ng pagbaba ng presyo. Ayon sa batas, ang mababang presyo ay hihikayat sa mga prodyuser na magbawas ng produksiyon o magbawas ng manggagawa. Ang mababang produksiyon ay magpababa sa mga gawaing pang-ekonomiya.

Samantala, ang pagtaas ng singil sa buwis ay nangangahulugan ng kabawasan sa perang gagastusin ng mga tao. Babawasan din ng mga bahay-kalakal ang paggastos sa lupa, paggawa, at kapital. Ang pagbaba ng presyo. Ang mga prodyuser ng kalakal at paglilingkod ay magbabawas ng produksiyon. Ang pangyayaring ito ay magpapabagal din sa pagtaas ng gawaing pang-ekonomiya. Ito ang dalawang paraan sa ilalim ng patakarang piskal ng pamahalaan upang maibalik sa normal o balanseng direksyon ang ekonomiya.


**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang Patakarang Piskal?
   Sagot:
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________________

2. Paano ginagamit ng pamahalaan ang patakarang Piskal upang matugunan ang suliranin sa pag-unlad ng ekonomiya at implasyon?
   Sagot:
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________________

3. Paano ginagastos ng pamahalaan ang mga salaping nalikom nito?
   Sagot:
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________________


4. Bakit maaaring ihalintulad ang Patakarang Piskal sa paglalaro ng Tuya-tuya o seesaw?
   Sagot:
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _____________________________________.



# Pagyamanin

**Gawain 1: Punan Mo!**


Isulat sa loob ng tatsulok na kahon ang 2 uri ng Patakarang Piskal pagkatapos ay ilarawan ang layunin ng bawat isa. Gawin ito sa sagutang papel.




**Gawain 2: Tukuyin Mo!**

Panuto: Isulat ang **E** kung ang pahayag ay tumutukoy sa Expansionary Fiscal Policy at **C** kung ito ay tumutukoy sa Contractionary Fiscal Policy. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Isinasagawa upang mapataas ang output.
_____ 2. Binabawasan ang sobrang kasiglahan ng ekonomiya.
_____ 3. Ginagamit ito ng pamahalaan upang isulong ang ekonomiya lalo na sa panahon ng recession.
_____ 4. Nagdadagdag ng gastos at bumubili ng maraming kalakal at paglilingkod ang pamahalaan.
_____ 5. Binabawasan ng pamahalaan ang pagbabayad ng buwis.
_____ 6. Kumukuha ang pamahalaan ng karagdagang manggagawa.
_____ 7. Pinapababa ng pamahalaan ang demand sa pamamagitan ng pagbabawas ng gastos.
_____ 8. Layunin nito na pabagalin ang pagsulong ng ekonomiya.
_____ 9. Tataas ang presyo ng mga bilihin.
_____ 10. Tinataasan ng pamahalaan ang pagsingil ng buwis.




# Isaisip

**Gawain 1: Anticipation-Reaction Guide (ARG)**

Panuto**:** Pagkatapos masuri ang paksang-aralin**,** lagyan ng tsek (✓) o ekis (X) ang REACTION kolum batay sa iyong natutunan sa paksa. Ikumpara ito sa inyong naunang sa got sa ANTICIPATION. Gawin ito sa sagutang papel.

| ANTICIPATION | PAHAYAG | REACTION |
|---|---|---|
| | 1. Sa buwis nagmumula ang mga proyekto ng pamahalaan para sa mga mamamayan. | |
| | 2. Patakarang Piskal ay tungkol sa polisiya ng pagbabadyet. | |
| | 3. May dalawang uri ang Patakarang Piskal. | |
| | 4. Layunin ng patakarang Contractionary Fiscal na pasiglahin ang sobrang kasiglahan ng ekonomiya. | |
| | 5. Layunin ng patakarang Expansionary Fiscal na bawasan ang kasiglahan ng pambansang ekonomiya. | |
| | 6. Magiging masigla ang pambansang ekonomiya, kung taasan ang paggasta ng pamahalaan at bawasan ang halagang ibinabayad na buwis. | |
| | 7. Overheated Economy ang tawag sa ekonomiyang umabot sa pinakamataas na empleyo. | |
| | 8. Papel ng pamahalaan na magtakda ng mga patakaran na maghahatid sa isang kondisyon na maunlad at matiwasay na ekonomiya. | |
| | 9. Ang mataas na paggastos ng pamahalaan ay nakapagpapatamlay sa ekonomiya. | |
| | 10. Ang pamahalaan ay isang mahalagang kabahagi sa pagsasaayos at pagpapanatili ng katatagan ng ekonomiya | |



## Isagawa

**Gawain 1: ACTION Agad!**

Panuto: Kung ikaw si PAMAHALAAN; anong patakaran ang iyong ipapatupad sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| SITWASYON | AKSIYON |
|---|---|
| 1. Tumaas ang presyo ng mga bilihin o nagkakaroon ng implasyon. | |
| 2. Nagkaroon ng recession, hindi sapat ang kinikita ng mamamayan. | |
| 3. Nagbabawas ng manggagawa ang bahay-kalakal dahil bumaba ang demand ng kanilang produkto. | |
| 4. Maraming mga Pilipino ang walang trabaho. | |
| 5. Nagsara ang mga bahay kalakal dahil sa kawalan ng kita. | |
| 6. Tumaas ang kita ng mga manggagawa na nagdudulot ng implasyon. | |
| 7. Nagugutom ang mga mamamayan dahil sa kawalan ng trabaho. | |

**Gawain 2: Suri-Larawan!**


Panuto: Suriin ang larawang tudling at sumulat ng maikling sanaysay gamit ang lima o higit pang pangungusap upang bigyang paliwanag ang kaugnayan ng Patakarang Piskal sa larawan.




*Manila Bulletin, 2020*

## Rubrik sa Pagmamarka ng Sanaysay

| Rubrik sa Pagtataya ng Sanaysay | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **PAMANTAYAN** | **4- Napakahusay** | **3 - Mahusay** | **2 - Katamtaman** | **1 – Nangangaila-ngan ng Pagpapabuti** |
| **Buod ng Aralin-paksa o gawain** | Maliwanag at kumpleto ang pagbubuod ng aralin | Maliwanag subalit may kulang sa detalye sa paksa o araling tinalakay | Hindi gaanong maliwanag at kulang sa ilang detalye sa paksa o aralin | Hindi maliwanag at marami ang kulang sa mga detalye o paksa sa araling tinalakay |
| **Mga Pagpapahalagang Natalakay sa Aralin** | Natutukoy ang lahat ng mga pagpapahalagan g natalakay sa aralin | Kulang ng isa o dalawa ang mga pagpapahalagang tinalakay sa aralin | Marami ang kulang sa mga pagpapahalagang tinalakay sa aralin | Ang mga pagpapahalagang binanggit ay walang kinalaman sa araling tinalakay |
| **Kabuuan ng Pagsulat** | Lahat ng pamantayang binanggit sa presentasyong matatagpuan sa kabuuan ng sanaysay | Tatlo sa mga pamantayan sa presentasyong matatagpuan sa kabuuan ng sanaysay | Dalawa sa mga pamantayan sa presentasyong matatagpuan sa kabuuan ng sanaysay | Isa sa mga pamantayan sa presentasyong matatagpuan sa kabuuan ng sanaysay |



## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin nang mabuti at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot sa bawat tanong.

1. Aling patakaran ang tumutukoy sa paggamit ng pamahalaan sa pagbubuwis at paggasta upang mabago ang galaw ng ekonomiya?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

2. Ang mga sumusunod ay may malaking papel na ginagampanan upang mapanatili ang kaayusan ng ekonomiya MALIBAN sa alin?

A. Bahay-Kalakal
B. Mamamayan
C. Pamahalaan
D. Sundalo

3. Bakit isinasagawa ng pamahalaan ang Expansionary Fiscal Policy?

A. Upang babagsak ang demand
B. Upang hihina ang produksiyon ng bahay-kalakal
C. Upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa
D. Upang liliit ang pangkalahatang kita na pipigil sa pagtaas ng presyo

4. Alin sa mga pahayag ang HINDI posibleng epekto ng Contractionary Fiscal Policy?

A. Liliit ang pangkalahatang kita ng mga mamamayan
B. Makokontrol ang labis na pagtaas na presyo ng mga bilihin
C. Magkakaroon ng maraming trabaho ang mga mamamayan at malaking kita.
D. Mapipilitan ang mga manggagawa na magbawas ng kanilang mga gastusin

5. Anong paraan ang ipinapatupad ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

6. Kapag ang kabuuang output ng ekonomiya ay mababa ng higit sa inaasahan at magdudulot ng pagbaba ng kabuuang demand dahil sa kawalan ng trabaho, anong paraan ang isasagawa ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

7. Ang mga sumusunod ay maaaring mangyari kapag ipinapatupad ang Contractionary Fiscal Policy maliban sa:

A. Liliit ang pangkalahatang kita ng mga mamamayan
B. Makokontrol ang labis na pagtaas na presyo ng mga bilihin
C. Magkakaroon ng maraming trabaho ang mga mamamayan at malaking kita.
D. Mapipilitan ang mga manggagawa na magbawas ng kanilang mga gastusin

8. Ang pamahalaan ay nangangailangan ng salapi upang maisakatuparan ang napakarami nitong gawain. Alin sa mga sumusunod ang paraan ng pamahalaan upang makalikom ng salapi?

A. mamumuhunan
B. mangolekta ng buwis
C. magpapatayo ng mga proyekto
D. magbibigay ng maraming trabaho

9. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing pinagkukunan ng pondo ng pamahalaan para sa mga gastusin nito?

A. utang sa bangko
B. kita mula sa panlabas na sektor
C. buwis sa mga mamamayan at negosyo
D. pera mula sa pag-iimpok ng pamahalaan

10. Ano ang patakarang piskal na magdudulot ng pagbaba nang implasyon sa bansa?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

11. Ano ang patakarang piskal na makakahikayat sa mga tao na gumastos at bumili ng mga produkto?

A. Contractionary Policy
B. Expansionary Policy
C. Patakarang Pananalapi
D. Patakarang Pisikal

12. Paano napapasigla ng patakarang piskal ang ekonomiya ng bansa?

A. pagtataas ng sahod ng mga manggagawa
B. pagtaas ng produksiyon
C. pagpapababa ng buwis
D. Lahat ng nabanggit

13. Bakit mahalagang maipatupad ang patakarang piskal ng bansa?


A. dahil naghahatid ito ng katatagan at katiwasayan sa ekonomiya ng bansa
B. dahil nakatutulong ito sa pagpapasigla at pagpapatatag ng ekonomiya
C. dahil nababalanse ng pamahalaan ang kaniyang paggatos para makatulong sa pagpapasigla ng ekonomiya.
D. Lahat ng nabanggit

14. Alin sa sumusunod ang **hindi** layunin ng patakarang piskal?

A. Pagpapatatag ng ekonomiya ng bansa.
B. Paramihin ang umiikot na pera sa bansa.
C. Pangangasiwa sa badyet na gagamitin ng pamahalaan
D. Pagsasaayos ng mga suliraning may kaugnayan sa buwis

15. Nakapagpapasigla sa matamlay na ekonomiya ang mataas na paggastos ng pamahalaan. Ano ang maaaring dulot nito sa pangkalahatang demand sa pamilihan?

A. Tataas ang demand
B. Walang magbago sa demand
C. Bababa ang demand
D. Lahat ay posibleng mangyari



# *Karagdagang Gawain*

**A. Panuto:** Kapanayamin ang iyong mga magulang, mga kamag-anak at mga kapitbahay. Itanong kung sino-sino sa kanila ang humihingi ng resibo opisyal o official receipt kapag sila ay bumibili sa mall, nagpapagasolina at iba pa.

Batay sa iyong nakalap na datos, sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Kung karamihan sa kanila ay **humihingi ng opisyal na resibo**, ano ang maaring epekto nito sa pagpapatupad ng Patakarang Piskal ng pamahalaan?

   Sagot:________________________________________

2. Kung karamihan sa kanila ay **hindi humihingi ng opisyal na resibo;** ano ang maaring epekto nito sa pagpapatupad ng Patakarang Piskal ng pamahalaan?

   Sagot:________________________________________

**B. I-search Mo!**


**Panuto:** Magsaliksik sa internet patungkol sa pambansang badyet ng Pilipinas sa taong 2020. Suriin kung ano-ano ang pinaglalaanan ng pambansang badyet. Sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin ito sa sagutang papel.

a. Ano-ano ang pinaglalaanan ng pambansang badyet sa taong 2020?

b. Ano mga sangay ang pinaglaanan ng pinakamalaking badyet?

c. Sa iyong palagay makatarungan bang paglaanan ito ng malaking badyet ng pamahalaan? Bakit?

d. Kung ikaw ay magiging tagapagpatupad ng patakarang piskal, anong ahensiya ng pamahalaan ang paglalaanan mo ng mataas na badyet at ano ang bibigyan mo ng mababang badyet? Bakit?



# *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Pagyamanin | Tayahin |
|---|---|---|
| | Gawain 2 | |
| 1. D | 1. E | 1. D |
| 2. D | 2. C | 2. D |
| 3. C | 3. E | 3. C |
| 4. C | 4. E | 4. C |
| 5.B | 5. E | 5.B |
| 6.B | 6. E | 6.B |
| 7. C | 7. C | 7. C |
| 8. B | 8. C | 8. B |
| 9. C | 9. C | 9. C |
| 10. A | 10. C | 10. A |
| 11. B | | 11. B |
| 12. D | | 12. D |
| 13. D | | 13. D |
| 14. B | | 14. B |
| 15. A | | 15. A |

ISAISIP
Gawain 1
1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. X
6. ✓
7. ✓
8. ✓
9. X
10. ✓

## *Sanggunian*


- *Patakarang Piskal; Ekonomiks: Mga Konsepto, Aplikasyon at Isyu; Nolasco, Ong, et.al; Vibal Publishing*
- *International Monetary Fund, (2009). Finance and Development.*
- *Araling Panlipunan sa makabagong Siglo: Ekonomiks; lopez, lozanta,et.al; Don Bosco Press INC.*
- *Araling Panlipunan 9; Modyul Para sa Mag-aaral; DepEd*
- *Araling Panlipunan 9; Gabay ng Guro; DepEd*
- *Araling panlipunan 9; Curriculum Guide; DepEd*

*www.zendmind.com*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph ; blr.lrpd@deped.gov.ph